

# Health Energy Declaration

Matapos na lumahok sa dalawang *Coal and Health Seminar-Workshop* na inorganisa ng Health Care Without Harm-Asia kasama ang Coal Free Bataan Movement at Defend Zambales, kami, mga mamamayan ng Mariveles at Limay, Bataan at Masinloc, Zambales, ay lubos na naunawaan ang mga isyung pang-kalusugan na may kinalaman sa coal-fired power plants at sumasang-ayon na:

- Ang usok at mga kemikal na binubuga ng *coal-fired power plants* ay may malubhang epekto sa kalusugan ng tao, tulad ng mga sakit sa baga, puso, utak, balat, at ipa pang bahagi ng katawan.
- Ang *coal-fired power plants* ay isa rin sa mga sanhi ng *climate change* o pagbabagong klima na siyang pinakamalaking krisis na kinahaharap ng ating mundo ngayon.
- Ang *climate change* ay may matinding epekto rin sa kalusugan ng tao, tulad ng pagtaas ng mga nakahahawang sakit na dulot ng lamok at ipa pang insekto at hayop, gayundin ang mga sakit na may kinalaman sa lagay ng panahon tulad ng bagyo, baha, at iba pa.
- Hindi tulad ng *coal-fired power plant*, may iba pang mga paraan ng paglikha ng kuryente na walang masamang dulot sa kalusugan at hindi nagdudulot ng *climate change*, tulad ng *renewable energy* gaya ng *solar* at *wind energy* (araw at hangin).

- Mataas ang potensyal ng bansang Pilipinas sa pagtaguyod ng *renewable energy*, dahil sa angking likas na yaman nito at pati na rin ang mga batas na sumusuporta nito tulad ng *Renewable Energy Act of 2008*.

Kung gayon, kaming mga mamamayan ng Mariveles, Limay at Masinloc ay dumudulog sa mga lider na pambansa, panlalawigan at pambayan, gayundin sa buong komunidad, na:

- Tutulan ang pagpapalawak o *expansion* ng mga *coal-fired power plants* na kasalukuyang tumatakbo, gayundin ang pagpapatayo ng mga bagong planta.
- Ipalaganap ang *renewable energy* na hindi nakasasama sa kapaligiran at kalusugan ng mamamayan.
- Magsagawa ng isang independyenteng pag-aaral o pagsasaliksik ukol sa epekto ng *coal-fired power plant* sa kalusugan at kapaligiran.
- Ipatupad ang mga probisyon ng *Clean Air Act of 1999* upang masiguradong maprotektahan ang hangin mula sa usok ng *coal-fired power plant*.
- Maayos na i-*monitor* ang mga epekto ng mga tumatakbong *coal-fired power plant* sa kalusugan at kapaligiran upang ang mga ito'y mabigyan ng agarang lunas.
- Palakasin ang serbisyong pangkalusugan upang mapangalagaan ang kalusugan ng komunidad.
- Isaalang-alang ang kalusugan ng mamamayan at ng kapaligiran tuwing lilikha ng mga patakaran at proyektong may kinalaman sa *energy* o kuryente.

Ang *Declaration* na ito ay sinang-ayunan ng mga lumahok sa dalawang *Coal and Health Seminar-Workshop* na ginanap noong ika-27 at 28 ng Pebrero, 2015 sa Mariveles, Bataan at Masinloc, Zambales.

Health Care Without Harm

healthy energy initiative